


LUNTIANG PAGBABAGO (Green Revolution)

*Ang Sta. Cruz 4-H Club sa pamumuno ni Juliet Zapata ay matagumpay na nag-ani sa kanilang proyekto kaugnay ng Luntiang Pagbabago. Makikita sa larawan si Alfonso Zapata (taga-payo) na namimitas ng bunga ng talong kasama ang mga opisyales ng Sta Cruz 4-H Club sa ilalim ng pagsubaybay ni Gng. Tinio ng BAE.*



MAKA-BAGONG BAHAY PAMILIHAN NG PANTABANGAN

*Ang modelo at makabagong bahay-pamilihan sa ginagawang bagong bayan ng Pantabangan.*

# ANG BATAS AY GINAWA UPANG ATING ISAGAWA

## Bagong bahay Paaralan sa bagong Pantabangan

Natapos na ang gusali ng Mababang Paaralan ng Pantabangan sa ginagawang Bagong Pamayanan at nakapagsimula na ang klase noong Hulyo 30, ng mga batang nagsisipag-aral na nagbubuhat sa Baryo ng Malbang, Liberty at Villarica.

Ang bagong Bahay Paaralan ay sinasabing isa sa pinakamaganda at makabagong paaralan sa buong Nueva Ecija. Iyon ay mayroong anim na silid aralan para sa mga batang nagsisipag-aral mula sa una at hanggang sa ika-anim na grado, na naninirahan sa mga Baryo ng Liberty, Villarica at Malbang.

Ayon kay Engr. Romulo Marquez ng Dam Division na siyang namahala at nangasiwa sa pagpapagawa ng paaralan, ay umabot sa walumpu at limang libong piso (₱85,000.00) ang nagastos sa paaralan, kabilang na ang mga upuan.

Mayroong 3 ektarya ang nasasakop ng bakuran at nabatid na isasaayos upang maging laruan ng mga bata at taniman ng mga gulay at halaman.

Magpapagawa rin ang Pambansang Pangasiwaan ng Patubig at ang Proyekto sa Hulo ng Ilog Pampanga ng dalawa pang gusali ng paaralan para naman sa Mataas na Paaralan. Malapit na ring matapos ang gusali ng Bahay Pamahalaan at ang gusali ng Pamilihang Bayan.

Sinabi ni Engr. Marquez na hindi na magtatagal at ang kabuuan ng Bagong Pamayanan ay magkakaroon ng katuparan upang iukol sa mga taga-Pantabangan na magsisimula sa kanilang bagong pamumuhay.